




OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED

by: 

Date: 3/13/24 Time: 9:00

KAPASIYAHAN BLG. 2023-184

“KINAKATIGAN ANG KAUTUSANG PANLALAWIGAN BILANG 100-2023 NA MAY PAMAGAT NA ‘AN ORDINANCE AMENDING PROVINCIAL ORDINANCE NO. 8-2018 ANG PROVIDING FOR A GENDER AND DEVELOPMENT CODE OF THE PROVINCE OF BULACAN AND OTHER PURPOSES’.”

Pinagtibay sa pagtataguyod ni:

Igg. Juliet DJ. Dela Cruz

SAPAGKA’T, dati nang nakapagpatibay ng Kapasiyahan Bilang 2017-25 kung saan kinakatigan ng Sangguniang Bayan ang Resolution No. 138, S’12 at Provincial Ordinance No. 2012-10 ng Sangguniang Panlalawigan na nauukol sa Gender and Development Code ng Bulacan;

SAPAGKA’T, ang Pamahalaang Bayang ng Bustos ay lubos na nagpapahalaga sa kapakanan ng ating mga kababaihan. Upang maisakatuparan ito, patuloy nating pinapahalagahan ang kanilang kritikal na papel sa pagpapaunlad ng bansa;

SAPAGKA’T, patuloy din nating binibigyang-pansin at iginagalang ang kanilang hindi mapapantayang ambag sa ating minamahal na bayan, at maging sa buong bansa sa pangkalahatan;

SAPAGKA’T, ang pundasyon ng isang institusyong demokratiko na nagpapahalaga sa kalayaan ay ang pagkakapantay-pantay ng lahat ng mamamayan, anuman ang kanilang gulang, paniniwala, lahi, at higit sa lahat, kasarian, na walang pagtangi sa ilalim ng batas;

SAPAGKA’T, isinasaad sa Artikulo II, Seksyon 14 ng Konstitusyon ang pagkilala sa pangunahing papel ng mga kababaihan sa pagtatayo ng bansa at tiyak na pinatutunayan ang pangunahing pantay-pantay na batas para sa mga lalaki at kababaihan bilang patunay ng pagpapalakas sa kababaihan at pagkakapantay-pantay ng kasarian;

SAPAGKA’T, bagaman sa ilang kultura sa mundo, ang mga kababaihan ay itinuturing pa rin bilang ang mahinang kasarian, mahalagang bigyang-diin na mula sa simula ng siglo hanggang sa bagong milenyo, ang kilusang pagpapalakas ng mga kababaihan ay gumawa ng

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG BAHAY PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN


044 761 0069 | 11thsbbustos@gmail.com | www.facebook.com/11thSangguniangBayanngBustos/

malaking hakbang at nagtagumpay sa mga kahanga-hangang gawaing wala pang katulad.


KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni **IGG. JULIET DJ. DELA CRUZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sapulong na ito.

IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, na katigan ang Kautusang / Panlalawigan Bilang 100-2023 na may pamagat na "An Ordinance amending Provincial Ordinance No. 8-2018 ang providing for a Gender and Development Code of the Province of Bulacan and other Purposes".


PINAGTIBAY, ngayong ika-18 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.



Marie Nina Nikkie Perez, MA
Kasangguni



Leo T. Santos
Kasangguni



Phillip Weyner B. Santos
Kasangguni



Juliet DJ. Dela Cruz
Kasangguni


Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni



Soliman C. Santos
Kasangguni


Wilfredo G. Canoza
Kasangguni


John Erick L. Perez
Kasangguni



Kyle Gabrielle DR. Navarro
SK President

PINAGTITIBAY:


Martin SJ. Angeles
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

SERTIPIKASYON:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-18 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.



ATTY. GERARDO S. BRIASA
Kalihim